

Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____
25

Tambalang Salita

Panuto: Isulat sa patlang ang tambalang salita na bubuo sa bawat pangungusap. Pumili sa mga tambalang salita sa kahon.

labas-pasok	buto't-balat	hanapbuhay	bagong-luto	balitang-kutsero
sulat-kamay	kapit-tuko	pusong-mamon	ulilang-lubos	lakas-loob
bunsong-anak	bukod-tangi	hatinggabi	tabing-dagat	kapuspalad
sirang-plaka	taos-puso	basag-ulo	biglang-yaman	abot-tanaw
sampay-bakod	humigit-kumulang	abot-kaya	inang-wika	takdang-aralin

1. Ang dating mamahaling gamot ay _____ na ngayon.
2. _____ na ang uwi si Ron mula sa kanyang trabaho sa *call center* kaya matulog ka na.
3. May ginataan na _____ sa kusina kaya magmerienda muna tayo.
4. Natapos mo ba ang ating _____ sa Sibika at Kultura?
5. Huwag kang maniwala sa tsismis dahil mga _____ ang maririnig mo.
6. Ano ang _____ ng tatay mo sa Saudi Arabia?
7. _____ si Rina kaya madali siyang umiyak kapag nanonood ng drama.
8. Kailangan mo ng _____ kung sasabihin mo sa kanya ang katotohanan.
9. Si Maria ang nagsulat ng liham na ito dahil alam ko ang kanyang _____.
10. Apat ang anak ni Aling Nena at si Pedring ang kanyang _____.
11. _____ ang pasasalamat ng biktima ng krimen sa mga taong tumulong upang maligtas siya.
12. Bawal ang _____ ng silid-aralan habang hindi pa natatapos ang pag-susulit.
13. Naku, _____ ang mag-anak ni Tess dahil nanalo siya sa Lotto!

14. _____ ang bata sa kanyang tatay habang nakasakay sila sa motorsiklo.
15. Dahil hindi mo sinusunod ang sinasabi ng nanay mo, para tuloy siyang _____ kapag pinagsasabihan ka.
16. _____ ang Bundok Isarog mula sa aming bahay sa bayan ng San Mateo.
17. Mukhang uulan na kaya kunin mo na ang mga _____ mo sa labas.
18. Nanalo sila sa paligsahan dahil _____ ang kanilang pag-awit.
19. Huwag kang sumali sa _____ ng mga lasing sa labas ng tindahan.
20. Tungkulin natin ang tulongan ang mga _____ sa ating pamayanan.
21. Malusog si Andres ngunit dahil sa matinding sakit, malaki ang pinagbago ng katawan niya at _____ na lang siya ngayon.
22. Ibinalita sa telebisyon na _____ sa isang libong tao ang sumali sa nakaraang *Earth Day Run*.
23. Malungkot isipin na walang magulang o kamag-anak na kasama si Crispin tuwing Pasko dahil siya ay _____.
24. Hinihintay ka na ng tatay mo sa _____ at tuturuan ka raw niya kung paano humuli ng isda.
25. Magaling magsalita ng Inggles si Jose subali't Tagalog ang kanyang _____.

Talâ: tambalang salita - *compound word*